Mga Rekisito para sa mga Legal na Entity ayon sa Mga Alituntunin para sa mga Pinanggagalingan ng Produkto ng Fair Trade USA

Fair Trade USA®

Bersyon 1.0.0

Magkakabisa: Enero 1, 2022

A. Introduksyon

Nagtatakda ang Mga Alituntunin para sa mga Pinanggagalingan ng Produkto ng Fair Trade USA (tatawagin mula rito na 'Mga Alituntunin') ng sistema na nagbibigay-daan sa demokratikong pagpapasya, partikular na kaugnay ng Fair Trade Premium, para sa organisasyon ng mga mambubukid, mangingisda, at manggagawa. Nililinaw ng Mga Alituntunin ang mga sistemang idinisenyo para matukoy ang mga Premium Participant ayon sa saklaw ng Certificate bilang mga pangunahing benepisyaryo ng programa at may mga proteksyon ang mga ito upang magarantiyahan ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pamamaraang kinakailangang sundin ayon sa batas.

Bilang bahagi ng mga rekisito para sa pagbibigay-kapangyarihan, inaatasan ng bawat Alituntunin ang anumang Fair Trade Committee na magtatag ng legal na entity ayon sa ilang partikular na kondisyon. Layunin ng pagbuo ng legal na entity na magbigay ng proteksyon laban sa katiwalian at tiyaking protektado ang mga fixed asset ng komunidad na pag-aari ng mga Premium Participant, kabilang ang mismong Premium, kahit na mawalan ng certificate ang entity ng produksyon.

B. Layunin

Bilang pagkilala na maraming puwedeng maging paraan ng pagtatatag ng legal na entity depende sa konteksto at rehiyon ng partikular na grupo, nakasaad sa dokumentong ito ang mga partikular na rekisitong kinakailangang sundin na tungkol sa pagtatatag, estruktura, at tungkulin ng legal na entity ayon sa Mga Alituntunin ng FTUSA.

C. Saklaw at Paglalapat

Nalalapat ang dokumentong ito sa anumang Certificate na sumasaklaw sa pagtatatag ng legal na entity para kumatawan sa mga Premium Participant at sa Fair Trade Committee, ginawa man bilang tugon sa mga nagsasanhing rekisito sa Mga Alituntunin (naabot ang threshold sa pananalapi o nakakuha ng fixed asset ng komunidad) o nang kusa. Narito ang mga nauugnay na pamantayan na nagsasaad sa mga kondisyon para sa pagtatatag ng legal na entity para kumatawan sa mga Premium Participant:

- Alituntunin para sa Produksyong Pang-agrikultura (Agricultural Production Standard o APS), bersyon 1.2.0: 1.2.4.c;
- Alituntunin para sa Panghuhuli ng Pagkaing-dagat (Capture Fisheries Standard o CFS), bersyon 2.0.0: 1.4.4.c, 1.4.4.d; at
- Alituntunin sa Pagawaan para sa Mga Damit at Produktong Pambahay (Factory Standard o FS), bersyon 1.4.0: EM-PTA 4.1, EM-PTA 4.2.

Nakasaad sa dokumentong ito ang mga pinahihintulutang estruktura ng legal na entity, at tinutukoy nito kung paano naaapektuhan ang mga rekisito sa ilang pamantayan ng estruktura ng legal na entity, kabilang ang Saligang Batas ng Fair Trade Committee (FTC), General Assembly ng mga Premium Participant, at bank account ng FTC para sa Fair Trade Premium. Iba-iba ang mga rekisito depende sa mga kondisyong sumasaklaw sa pagtatatag ng legal na entity. Kung hindi matutugunan ang alinman sa mga rekisitong nakasaad sa mga pamantayang ito kaugnay ng estruktura ng legal na entity, mag-iisyu ng hindi pagsunod para sa APS 1.2.4.c, CFS 1.4.4.d, o FS EM-PTA 4.1 o 4.2.

Nakalista sa sumusunod na talahanayan ang mga may kaugnayang pamantayan sa bawat Alituntunin ng FTUSA na maaaring maapektuhan:

Rekisito	APS	CFS	FS
Saligang Batas ng Fair Trade Committee	1.1.2.f	1.3.1.f	EM-PTA 2.2, EM-PTA 2.4
General Assembly	1.1.3.a	1.3.2.a, 1.3.2.b	EM-PTA 7.1
Bank Account ng Fair Trade Committee	1.2.4.b	1.4.4.b	EM-PTA 3.1

Mahalagang tiyaking maayos na isinasaad kung sino ang mga Premium Participant, kabilang ang anumang opsyonal na grupong kasama bilang mga Premium Participant, bago magtatag ng legal na entity. Suriin ang dokumento ng patnubay tungkol sa pagtukoy ng mga Premium Participant para sa may kaugnayang Alituntunin upang maberipika ang wastong identipikasyon ng mga Premium Participant.

D. Paano Basahin ang Dokumentong ito

Kinakatawan sa ika-1 hanggang ika-4 na seksyon ng dokumentong ito ang bawat pinahihintulutang estruktura ng legal na entity. Sa simula ng bawat seksyon, magbibigay ng maikling paglalarawan ng sitwasyon. Basahin ang bawat seksyon at ang paglalarawan ng sitwasyon sa bawat isa para mahanap ang estruktura ng legal na entity na tumutugma sa iyong kaso. Sa bawat seksyon, may mga partikular na rekisitong patungkol sa Saligang Batas ng Fair Trade Committee, General Assembly, at Bank Account ng Fair Trade Committee na dapat sundin sa bawat sitwasyon. Sumangguni sa talahanayan sa Seksyon C (nasa itaas) ng dokumentong ito para mahanap ang may kaugnayang pamantayan sa pagsunod na naaapektuhan sa bawat alituntunin ng FTUSA.

E. Iba Pang May Kaugnayang Dokumento

- Alituntunin para sa Panghuhuli ng Pagkaing-dagat ng Fair Trade USA
- Gabay para sa Pagtukoy ng mga Premium Participant ayon sa Alituntunin para sa Produksyong Pang-agrikultura

- Gabay para sa Pagtukoy ng mga Premium Participant ayon sa Alituntunin para sa Panghuhuli ng Pagkaing-dagat
- Gabay para sa Pagtukoy ng mga Premium Participant ayon sa Alituntunin sa Pagawaan

1. Ika-1 Opsyon sa Estruktura: Binubuo ang legal na entity ng lahat ng[1] Premium Participant

Paglalarawan

Sa sitwasyong ito, binubuo ang legal na entity na itinatag ayon sa isang Alituntunin, o ang isang nauna nang itinatag na legal na entity, ng *lahat ng Premium Participant* at pinamamahalaan ito ng FTC. Ibig sabihin, walang miyembrong kasama sa legal na entity na hindi Premium Participant at walang Premium Participant na hindi kasama*. Ito ang pinakamagandang puwedeng maging anyo ng legal na entity, at hinihikayat na magtatag ng legal na entity sa ganitong paraan kapag posible.

*Tandaang sa maraming supply chain, may madalas na pagpapalit ng Premium Participant at/o mga pansamantalang manggagawa, na nangangahulugan lang na dapat regular na i-update ang mga indibidwal na bahagi ng legal na entity. Dapat taon-taong i-update ang listahang ito bago ang General Assembly upang matiyak na tumutugma ang bumubuo sa legal na entity sa kasalukuyang lakas-paggawa.



1.1. Saligang Batas ng Fair Trade Committee

1.1.1. Ginagamit ang Saligang Batas ng FTC bilang saligang batas para sa legal na entity.

1.1.2. Para sa mga kasalukuyang legal na entity, dapat i-update ang saligang batas ng legal na entity o ang mga nauugnay na dokumento sa pamamahala para isaad sa mga ito ang lahat ng bahaging kinakailangan sa Saligang Batas ng FTC.

1.2. General Assembly

1.2.1. Katumbas ng general assembly ng legal na entity ang General Assembly ng mga Premium Participant. Maaaring sumali ang lahat ng Premium Participant sa anumang general assembly.

1.2.2. Inilalarawan sa saligang batas ng legal na entity ang pamamahala sa General Assembly.

[1] Maaaring magbago ang mga miyembrong Premium Participant kada taon, at dapat taon-taong i-update ang mga miyembro ng legal na entity upang maisaad ang mga nasabing pagbabago. Gayunpaman, tumutukoy ito sa lahat ng Premium Participant sa panahon ng pagpaparehistro sa legal na entity.

1.3. Bank Account ng Fair Trade Committee

1.3.1. Pag-aari at pinamamahalaan ng legal na entity ang bank account.

2. Ika-2 Opsyon sa Estruktura: Binubuo ang legal na entity ng mga miyembro lang ng Fair Trade Committee

Paglalarawan

Sa sitwasyong ito, binubuo lang ang legal na entity ng mga miyembro ng FTC, at pinamamahalaan ito ng FTC. Puwedeng mahirap magtatag ng legal na entity kasama ang lahat ng Premium Participant sa ilang partikular na sitwasyon, halimbawa, sa ilang sitwasyong legal kung saan nililimitahan ang mga pinahihintulutang benepisyo para sa mga miyembro. Pinamamahalaan dapat ng FTC ang legal na entity, ngunit walang Premium Participant maliban sa FTC na pormal na bahagi ng legal na entity. Bagama't hindi hinihikayat ang pamamaraang ito, posibleng may mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang pamamaraang ito.



2.1. Saligang Batas ng Fair Trade Committee

2.1.1. Ginagamit ang Saligang Batas ng FTC bilang saligang batas para sa legal na entity.

2.1.2. Para sa mga kasalukuyang legal na entity, dapat i-update ang saligang batas ng legal na entity o ang mga nauugnay na dokumento sa pamamahala para isaad sa mga ito ang lahat ng bahaging kinakailangan sa Saligang Batas ng FTC.

2.1.3. Nakasaad palagi sa Saligang Batas ng FTC na tinutukoy ang mga Premium Participant bilang mga tunay na may-ari at tagapagpasya ng Premium, at responsable ang legal na entity na pinamamahalaan ng FTC para sa pagtanggap at pagmamay-ari sa Fair Trade Premium at/o anumang asset na bibilhin ng FTC sa ngalan ng mga Premium Participant. Sa sitwasyong ito, dapat linawin ng bahaging ito ng Saligang Batas ng FTC na sa ngalan ng buong grupo ng mga Premium Participant ang mga pagpapasyahan ng legal na entity.

2.1.3.1. Tandaang sa mga sitwasyon kung saan hindi puwedeng maging tagapagpasya ng legal na entity ang mga partidong hindi bahagi ng legal na entity, may hiwalay na dokumento sa pamamahala na nagsasaad na nakasalalay sa mga Premium Participant ang pagpapasya.

2.1.4. Malinaw na nakasaad sa Saligang Batas ng FTC ang paglilipat ng pamamahala sa legal na entity sa mga bagong halal na miyembro ng FTC kapag nagwakas na ang termino. May mga dokumentong

nagpapakita na gumawa na ng mga hakbang upang ilipat ang mga responsibilidad nang hindi lalampas sa isang buwan pagkatapos ng eleksyon ng FTC.

2.2. General Assembly

2.2.1. Dapat isagawa ang General Assembly ng mga Premium Participant nang hiwalay sa anumang pagpupulong ng legal na entity. Katumbas ng mga pagpupulong ng FTC ang mga pagpupulong ng legal na entity, at dapat sundin ng mga ito ang mga tuntunin para sa mga pagpupulong ng FTC, gaya ng pagsusulat sa mga detalye at pagbabahagi sa mga Premium Participant.

2.2.2. Inilalarawan sa saligang batas ng legal na entity ang pamamahala sa General Assembly ng mga Premium Participant.

2.3. Bank Account ng Fair Trade Committee

2.3.1. Pag-aari at pinamamahalaan ng legal na entity ang bank account.

3. Ika-3 Opsyon sa Estruktura: Kasama sa legal na entity ang lahat ng Premium Participant at iba pang miyembrong hindi Premium Participant

Paglalarawan

Sa sitwasyong ito, mayroon nang legal na entity kasama ang lahat ng Premium Participant at grupo ng mga miyembrong hindi bahagi ng Fair Trade. Pinamamahalaan ang legal na entity ng isang grupong hindi ang FTC[2]. Puwede pa ring legal na entity ang maging legal na may-ari ng Premium at ng anumang bibilhing asset, ngunit dapat pamahalaan ng FTC ang mga asset na ito sa ngalan ng mga Premium Participant na bumubuo sa isang bahagi ng legal na entity. Halimbawa, pormal na ipinarehistro ang isang kooperatiba sa pangingisda bilang legal na entity bago ang sertipikasyon ng FTUSA at ilan lang sa mga mangingisda sa kasalukuyang kooperatiba ang saklaw ng Fair Trade Certificate. Sa sitwasyong ito, hindi inaasahang kailangang gumawa ng bago at hiwalay na legal na entity na binubuo lang ng ilan sa mga miyembro ng kasalukuyang legal na entity na bahagi ng programang Fair Trade USA. Gayunpaman, isinasaad sa mga rekisito sa seksyong ito ang mga responsibilidad na dapat linawin sa kasalukuyang legal na entity upang matugunan ang mga inaasahan ayon sa Alituntunin ng FTUSA, na nagtitiyak na ang mga miyembro lang na saklaw ng FTUSA Certificate na tinutukoy bilang mga Premium Participant ang mga tagapagpasya at naka-target na benepisyaryo ng Premium.

[2] Sa karamihan ng sitwasyon kung saan may legal entity na may mga miyembrong hindi Premium Participant—halimbawa, isang malaking kooperatiba kung saan ilang miyembro lang ang Certified ng Fair Trade—malamang na maiiba ang FTC sa Coop Board dahil sa mga rekisito ng FTC para sa eleksyon at pagkatawan.



3.1. Saligang Batas ng Fair Trade Committee

3.1.1. Naiiba dapat ang Saligang Batas ng Fair Trade Committee na naglalaman sa lahat ng aspektong nakasaad sa Mga Alituntunin ng FTUSA sa saligang batas ng mga tuntunin ng legal na entity. Nakasaad dapat sa hiwalay na Saligang Batas na ito o sa iba pang nakasulat na dokumento sa pamamahala ang membership, mga tungkulin, at layunin ng mga piling miyembro ng legal na entity. Kailangang nilalaman nito ang lahat ng aspektong nakasaad sa mga rekisito sa Saligang Batas ng FTC sa may kaugnayang Alituntunin ng FTUSA, at dapat nitong isaad na ang mga piling miyembro ang mga may-ari ng Fair Trade Premium at ng anumang asset na bibilhin gamit ang Premium, pinamamahalaan ng FTC ang mga piling miyembro, at may kapangyarihang magpasya ang mga Premium Participant.

3.1.2. Maliban pa sa mga aspektong tinukoy sa may kaugnayang Alituntunin ng FTUSA na kinakailangan sa Saligang Batas ng FTC, dapat malinaw na tukuyin ng Saligang Batas kung sino ang mga itinuturing na Premium Participant.

3.2. General Assembly

3.2.1. Dapat isagawa ang General Assembly ng mga Premium Participant nang hiwalay sa anumang general assembly ng legal na entity. Tandaang puwede itong maging sariling assembly ng mga Premium Participant na isasagawa nang halos kasabay ng general assembly ng kasalukuyang legal na entity, ngunit dapat magpatupad ng mga kontrol upang matiyak na mga Premium Participant lang ang sasali, at makakadalo ang malaking bahagi ng mga Premium Participant.

3.2.2. Malinaw na nakasaad sa Saligang Batas ng FTC ang mga tuntunin para sa General Assembly ng mga Premium Participant.

3.3. Bank Account ng Fair Trade Committee

3.3.1. Dapat gumawa ng bank account para sa Premium nang hiwalay sa bank account ng legal na entity upang maitabi ang mga pondo ng Premium nang hiwalay sa mga pangkalahatang pondo ng legal na entity. Mananatili ang legal na entity bilang may-ari ng bank account, ngunit mga miyembro ng FTC lang dapat ang may access sa account ng Premium, at FTC ang mamamahala sa lahat ng aspekto ng account na ito.

4. Ika-4 na Opsyon sa Estruktura: Binubuo ang legal na entity ng karamihan, ngunit hindi ng lahat, ng Premium Participant.

Paglalarawan

Sa sitwasyong ito, maaaring may naitatag nang legal na entity na tumukoy ng mga miyembro na hindi kinabibilangan ng lahat ng Premium Participant. Pinamamahalaan ang legal na entity ng isang grupong hindi ang FTC, dahil magkakaroon ng mga kinatawan ang FTC mula sa mga Premium Participant na hindi rin bahagi ng legal na entity. Puwede pa ring legal na entity ang maging legal na may-ari ng Premium at ng anumang bibilhing asset, ngunit dapat pamahalaan ng FTC ang mga asset na ito sa ngalan ng buong grupo ng mga Premium Participant, kasama ang mga hindi bahagi ng legal na entity. Maaaring ganito ang maging sitwasyon para sa kooperatibang nagsama ng mga opsyonal na manggagawa bilang mga Premium Participant na hindi mambubukid, ngunit hindi sila kwalipikadong pormal na sumali sa kooperatiba.



4.1. Saligang Batas ng Fair Trade Committee

4.1.1. Naiiba dapat ang Saligang Batas ng Fair Trade Committee na naglalaman sa lahat ng aspektong nakasaad sa Mga Alituntunin ng FTUSA sa saligang batas ng mga tuntunin ng legal na entity. Nakasaad dapat sa hiwalay na Saligang Batas na ito o sa iba pang nakasulat na dokumento sa pamamahala ang membership, mga tungkulin, at layunin ng legal na entity, na sumasaklaw rin sa mga Premium Participant na hindi bahagi ng legal na entity. Kailangang nilalaman nito ang lahat ng aspektong nakasaad sa mga rekisito sa Saligang Batas ng FTC sa may kaugnayang Alituntunin ng FTUSA at dapat nitong isaad na patas na kinikilala ang mga Premium Participant na hindi bahagi ng legal na entity bilang mga may-ari ng Fair Trade Premium kasama ng mga Premium Participant na bahagi ng legal na entity. Ibig sabihin din nito, puwedeng pamahalaan ng FTC at/o legal na entity ang anumang asset na bibilhin gamit ang Premium, ngunit may kapangyarihang magpasya ang lahat ng Premium Participant, bahagi man sila o hindi ng legal na entity.

4.1.2. Maliban pa sa mga aspektong tinukoy sa may kaugnayang Alituntunin ng FTUSA na kinakailangan sa Saligang Batas ng FTC, dapat malinaw na tukuyin ng Saligang Batas kung sino ang mga itinuturing na Premium Participant.

4.2. General Assembly

4.2.1. Dapat isagawa ang General Assembly ng mga Premium Participant nang hiwalay sa anumang general assembly ng legal na entity. Ibig sabihin nito, maaaring magsagawa ang legal na entity ng mga pagpupulong tungkol sa mga usapin nang hiwalay sa programang Fair Trade USA at Premium, ngunit dapat isama sa lahat ng pagpupulong na patungkol sa paggastos ng Premium at programang Fair Trade USA ang sinumang Premium Participant na hindi bahagi ng pormal na legal na entity.

4.2.2. Malinaw na nakasaad sa Saligang Batas ng FTC ang mga tuntunin para sa General Assembly ng mga Premium Participant.

4.3. Bank Account ng Fair Trade Committee

4.3.1. Dapat gumawa ng bank account para sa Premium nang hiwalay sa bank account ng legal na entity upang maitabi ang mga pondo ng Premium nang hiwalay sa mga pangkalahatang pondo ng legal na entity. Mananatili ang legal na entity bilang may-ari ng bank account, ngunit mga miyembro ng FTC lang dapat ang may access sa account ng Premium, at FTC ang mamamahala sa lahat ng aspekto ng account na ito.